OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD
RECEIVED 10-19-2021
BY
TIME 12:40 pm

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG PUNONG LUNGSOD

OFFICE OF THE GOVERNOR
HON. DANIEL R. FERNANDO
15 OCT 2021
DATE
11:48
#720

**ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 40**
**Serye 2021**

**ATAS NA NAGTATADHANA NG PATULOY NA PAGPAPATUPAD NG MGA ALITUNTUNIN AT PAMANTAYANG NAKALAHAD SA ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 33 SERYE 2021 MULA IKA-16 NG OKTUBRE HANGGANG SA IKA-31 NG OKTUBRE, 2021**

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Resolusyon Blg. 143– A Serye 2021 na may petsa na 14 Oktubre, 2021 ng Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases, ang Lalawigan ng Bulacan ay mananatili na nasa ilalim ng klasipikasyong pangkuwarentinang Modified Enhanced Community Quarantine (MECQ) hanggang sa ika-31 ng Oktubre, taong kasalukuyan;

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Seksyon 16 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas 1991, nararapat na siguraduhin at suportahan ng mga pamahalaang lokal ang kalusugan at kaligtasan ng kanilang mamamayan bilang bahagi ng pangkalahatang kapakanan sa kani-kanilang nasasakupan;

**SAPAGKAT**, alinsunod sa Seksyon 455 (2) (iii) ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991, ang Punong Lungsod bilang Punong Tagapagpaganap ng pamahalaang lungsod ay may kapangyarihang mag-akda ng mga atas tagapagpaganap para sa taimtim na pagsasagawa ng mga batas at ordinansa;

**AT SA GAYON, DAHIL DITO, ako, si INH. GILBERT T. GATCHALIAN**, Punong Lungsod ng Lungsod ng Malolos, Lalawigan ng Bulacan, sa bisa ng kapangyarihang kaloob sa akin ng mga umiiral na batas, ay ipinag-uutos ang patuloy na pagpapairal ng mga alituntunin at pamantayang nilalaman ng Atas Tagapagpaganap Blg. 33 Serye 2021 hanggang sa ika-31 ng Oktubre, 2021.

Nilagdaan ngayong ika-15 ng Oktubre, 2021 sa Lungsod ng Malolos, Bulacan.

**INH. GILBERT T. GATCHALIAN**
Punong Lungsod

2F City Government Building
Barangay Bulihan, City of Malolos 3000
Email: mayorbebonggatchalian@gmail.com

BAYANIHAN GENERATION
"Tulungan po natin ang bayan na tulungan ang mamamayan."